# FORT BEND COUNTY COURTS

## Paano Humiling ng mga Serbisyo na Tulong sa Wika

**Patakaran ng Hukuman sa Tulong sa Wika – Kung ang isang litigante, partido, kliyente, saksi o sinumang tao na nauugnay sa paglilitis sa hukuman ay may problema sa pakikipagkomunika sa Ingles sa isang pagdinig ng hukuman o kailangan ng pagsasalin ng isang dokumento sa Ingles, dapat gumawa ng nakasulat na hiling ang abugado o Indibidwal na Limitado ang Katatasan sa Ingles (Limited English Proficient Individual, LEP) para sa mga serbisyo sa interpretasyon o pagsasaling-wika. Kung kinakailangan, may tulong na ibinibigay sa pagsagot sa form para sa paghiling. Sasagutin ng Hukuman ang lahat ng gastos na nauugnay sa mga serbisyo sa interpretasyon o pagsasaling-wika sa LAHAT ng paglilitis sa hukuman.**

Makukuha ang mga Form para sa Reklamo tungkol sa Pag-access ng Wika sa webpage ng County Court sa www.fbctx.gov/languageaccess. Makakakuha rin ng mga naka-print na kopya sa bawat hukuman at sa Justice Center Information Desk na matatagpuan sa unang palapag.

Dapat isumite ang mga nakumpletong form sa Court Coordinator o sa Language Access Director nang 72 oras man lang bago ang anumang pagdalo, pagdinig, o paglilitis kung saan makatuwirang inaasahan ng tagapagtanggol ang pangangailangan para sa interpretasyon ng wika sa isa sa mga sumusunod na siyam na wika:

| | | |
|---|---|---|
| **Espanyol** | **Urdu** | **Gujarati** |
| **Vietnamese** | **Malayalam** | **Hindi** |
| **Chinese** | **Tagalog** | **Arabic** |

Ang tagapagtanggol o mga indibidwal na kumakatawan sa kanilang sarili ay dapat magbigay ng labing-apat (14) na araw na abiso para sa pangangailangan para sa mga Serbisyo sa Interpretasyon ng Wika sa anumang iba pang wika. Ang lahat ng interpreter na naglilingkod sa mga County Court at Law o District Court ay dapat na Master Licensed Certified Court Interpreter, maliban na lang kung iba ang tinukoy sa kautusan.

*Ang mga pagbubukod sa mga deadline na ito ay maaaring gawin sa ilang partikular na kaso sa pagpapasya ng Hukom. Ang pagsunod sa mga timeline na ito ay nakakatulong sa paghanap ng mahusay at lisensyadong mga interpreter.*

Responsibilidad ng abugado o LEP na tao na kumpletuhin ang form para as paghiling at ibalik ito sa Court Coordinator, sa personal man o sa email. **Para sa higit na impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa interpretasyon o pagsasaling-wika, pakitawagan ang 281-633-7658 o i-email kami sa: languageaccess@fbctx.gov.**